ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

KISLAP: SANAYANG AKLAT TUNGO SA KASANAYANG KRITIKAL AT ANALITIKAL NG MGA MAG-AARAL

Jhon Ricky Talabis Salosa
Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa KISLAP: Sanayang Aklat Tungo sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral. Layunin nitong matukoy ang antas ng KISLAP batay sa mga bahagi nito ayon sa abot-tanaw, balik-tanaw, lusong-kaalaman, gaod-kaisipan, layag-diwa, lambat-likha, salok-dunong at daong-kamalayan at malaman ang antas ng KISLAP batay sa mga katangian nito ayon sa katumpakan, kaangkupan, kalinawan, at kaayusan. Sinuri din sa pag-aaral na ito ang lawak ng kasanayang kritikal batay sa pagsusuri ng impormasyon, pangangatwirang lohikal, paglutas ng suliranin at pagpapasya ng mga mag-aaral at inalam din ang lawak ng kasanayang analitikal batay sa pagtukoy ng ugnayan ng mga ideya, pag-aanalisa ng datos, pagsusuri ng sitwasyon at pagbuo ng sintesis mga mag-aaral. Inalam din sa pag-aaral na ito kung may makabuluhang epekto ang KISLAP sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral.

Gumamit ang pag-aaral ng isang deskriptibong metodong kwantitatibo upang siyasatin ang epekto ng KISLAP sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral. Ang mga datos ay nakalap mula sa dalawang daan (200) na mag-aaral na pinili gamit ang purposive sampling technique mula sa Baitang 11 sa Famy National Integrated High School sa pamamagitan ng sariling talatanungan at analitikong rubrik bilang mga pangunahing instrumento. Ginamit ang mean, standard deviation, frequency at percentage upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang isinagawa ang Multiple Regression Analysis gamit ang t-Test sa pagsusuri ng makabuluhang epekto.

Ayon sa nakalap na datos, ang antas ng KISLAP batay sa mga Bahagi nito ay Lubhang Katanggap-tanggap. Sa kabilang banda, ang antas ng KISLAP batay sa mga Katangian nito ay Lubhang Kapansin-pansin. Nakatala sa lumabas na resulta na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga mag-aaral ay nasa lebel ng Mahusay. Batay din sa pagsusuri, ipinapakita nito na ang mga Bahagi at Katangian ng KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral.

Napatunayan na ang paggamit ng sanayang aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga tagatugon; kaya't hindi tinatanggap ang haypoteses ng pananaliksik. Ipinapakita nito na ang paggamit ng KISLAP ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapaunlad ng kasanayang kritikal at analitikal ng mga mag-aaral dahil sa mga gawaing nakapaloob dito na nakatuon sa paghubog sa mas mataas na antas na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Inirerekomenda sa mga guro ang paggamit nito bilang gabay sa pagtuturo at pagdisenyo ng angkop na gawain, habang hinihikayat ang mga pinuno ng paaralan na maglunsad ng mga pagsasanay na makatutulong sa mga guro sa pagbuo ng mga materyal. Iminumungkahi rin ang suporta ng SDO sa E-LIRIP para sa paglikha ng lokal na kagamitang panturo. Para sa mga mananaliksik, inirerekomenda ang paggamit ng ibang metodo ng pag-aaral upang masukat ang pangmatagalang bisa ng KISLAP.

SUSING SALITA: *Sanayang Aklat, KISLAP, Bahagi at Katangian ng KISLAP, Kasanayang Kritikal at Kasanayang Analitikal*

1. PANIMULA

Sa kasalukuyan, patuloy na hinahamon ang mga guro na iangkop ang kagamitang panturo upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo. Mahalaga ang mga kagamitang panturo na inihahanda ng guro upang mahubog ang kasanayang kritikal at analitikal ng mga mag-aaral na binibigyang-diin sa kasalukuyang edukasyon. Ang kagamitang panturo ay tumutukoy sa anumang karanasan o bagay na ginagawa ng guro sa paghahatid ng katotohanan, kasanayan, pananaw, kaalaman, palagay, pang-unawa, at pagpapahalaga sa mga mag-aaral tungo sa pagiging kongkreto, daynamiko at ganap nilang pagkatuto (Villafuerte, 2022).

Kaugnay nito, ang isa sa kagamitang panturo na maaaring likhain ng guro ay ang sanayang aklat. Ayon kay Cabading (2017), ito ay idinisenyo upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing at interaktibong paraan.

Sa kontekstong ito, bumuo ang mananaliksik ng isang sanayang aklat na naisipan niyang tawaging KISLAP na ang ibig sabihin ay Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya para sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sapagkat nakasaad sa deskripsyon nito na ito ay nakatuon sa pag-aaral sa proseso ng pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang anyo at uri ng teksto na nakatutulong sa pagbuo at pagsulat ng sistematikong pananaliksik. Ang estruktura ng aklat ay hinango mula kina Constantino at Zafra (2017) sa Filipino sa Piling Larang (Akademik) at nahahati sa walong bahagi: Abot-Tanaw, Balik-Tanaw, Lusong-Kaalaman, Gaod-Kaisipan, Layag-Diwa, Lambat-Likha, Salok-Dunong, at Daong-Kamalayan. Ang mga bahaging ito ay naglalaman ng mga hakbang mula sa pagbatid ng layunin hanggang sa replektibong aplikasyon ng kaalaman.

Samakatuwid, ang pangunahing nilayon sa pag-aaral na ito ay alamin kung ang binuong Sanayang Aklat na pinangalanang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) na ginamit sa Ikalawang semestre, Ikatlong markahan sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananalisik ay nagkaroon ng makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Sa pananaliksik na ito, sinuri ang epekto ng sanayang aklat na KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Analisis, at Pagpapasya) sa lawak ng Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga piling mag-aaral ng Famy National Integrated High School na nasa Baitang 11 at kumuha ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.

Sa partikultar, sinikap nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa:
   1.1 Abot-Tanaw;
   1.2 Balik-Tanaw;
   1.3 Lusong-Kaalaman;
   1.4 Gaod-Kaisipan;
   1.5 Layag-Diwa;
   1.6 Lambat-Likha;
   1.7 Salok-Dunong; at
   1.8 Daong-Kamalayan?
2. Ano ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito ayon sa:
   2.1 Katumpakan;
   2.2 Kaangkupan;
   2.3 Kalinawan; at
   2.4 Kaayusan?
3. Ano ang Lawak ng Kasanayang Kritikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral batay sa:
   3.1 Pagsusuri ng Impormasyon;
   3.2 Pangangatwirang Lohikal;
   3.3 Paglutas ng Suliranin; at
   3.4 Pagpapasya?
4. Ano ang Lawak ng Kasanayang Analitikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral batay sa:
   4.1 Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya;
   4.2 Pag-aanalisa ng Datos;
   4.3 Pagsusuri ng Sitwasyon; at
   4.4 Pagbuo ng Sintesis?
5. May makabuluhang epekto ba ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral?
6. May makabuluhang epekto ba ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Sanayang Aklat sa Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral?

2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng isang deskriptibong metodong kwantitatibo upang siyasatin ang epekto ng KISLAP sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral. Ang mga datos ay nakalap mula sa dalawang daan (200) na mag-aaral na pinili gamit ang purposive sampling technique mula sa Baitang 11 sa Famy National Integrated High School sa pamamagitan ng sariling talatanungan at analitikong rubrik bilang mga pangunahing instrumento. Ginamit ang mean, standard deviation, frequency at percentage upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang isinagawa ang Multiple Regression Analysis gamit ang t-Test sa pagsusuri ng makabuluhang epekto.

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglahad ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa isinagawang pag-aaral na naglayong tasahin ang epekto ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Kritikal at Analitikal ng mga Mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod gamit ang angkop na estadiskal na pamamaraan:

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Batay sa mga Bahagi nito

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analais at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Bahagi nito ayon sa Abot-Tanaw, Balik-Tanaw, Lusong-Kaalaman, Gaod-Kaisipan, Layag-Diwa, Lambat-Likha, Salok-Dunong at Daong-Kamalayan.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Bahagi nito gaya ng paglalarawan, *Mean, Standard Deviation,* at Berbal na Interpretasyon.

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Abot-Tanaw.

Talahanayan 1

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Abot-Tanaw

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Natutukoy nang malinaw ang mga layunin ng aralin	4.68	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Naipaliliwanag ang mga layunin ayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.	4.57	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Nailalapat ang mga layunin upang mabigyan ng direksiyon ang pag-aaral.	4.56	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Nasusuri ng mga layunin ang mga kasanayang inaasahang matutunan.	4.55	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Natataya ang pagkakaayon ng mga layunin sa kurikulum.	4.41	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.55* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Natutukoy nang malinaw ang mga layunin ng aralin na may (*M* = 4.68) at nagpapakita ng Lubhang Katanggap-tanggap na antas ng KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito sa mga tuntunin ng Abot-Tanaw at sinusuportahan ng (*SD* = 0.51). Gayundin, natataya ang pagkakaayon ng mga layunin sa kurikukulum na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.41) na may (*SD* = 0.64), ipinapapakita pa rin nito na ang mga layuning inilahad sa sanayang aklat ay kayang matamo ng mga mag-aaral at nagiging malinaw na gabay sa kanilang pagkatuto.

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Abot-Tanaw ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.55 at *standard deviation* na 0.58 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Katanggap-tanggap* mula sa mga tagatugon.

Ipinanapahiwatig nito na ang KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Abot-Tanaw ay isang mahusay na kagamitang pampagturo sapagkat taglay nito ang malinaw at organisadong mga layunin na nagsisilbing gabay sa mga gagamit nito. Ang mataas na antas ng pagtanggap ng mga tagatugon sa mga layunin ng sanayang aklat ay nagpapatibay sa kredibilidad nito bilang isang mapagkakatiwalaan at epektibong kagamitang panturo.

Inilalahad mula sa Talahanayan 2 sa ibaba ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Balik-Tanaw.

Talahanayan 2

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Balik-Tanaw

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naalala ng mga mag-aaral ang dating kaalaman upang maiugnay sa bagong aralin.	4.66	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Naipaliliwanag ang mga mahahalagang konsepto mula sa dating kaalaman.	4.54	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nasusuri ang antas ng dating kaalaman ng mga mag-aaral.	4.53	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nahahamon ang mga mag-aaral na magbahagi batay sa sariling karanasan.	4.52	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Natataya ang kakayahahang maisagawa ang mga tanong batay sa naunang natutunan.	4.41	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.53* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Naalala ng mga mag-aaral ang dating kaalaman upang maiugnay sa bagong aralin na may (*M*=4.66) at nagpapakita ng Lubhang Katanggap-tanggap na antas ng KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Balik-Tanaw at sinusuportahan ng (*SD*=0.52). Gayundin, natataya ang kakayahahang maisagawa ang mga tanong batay sa naunang natutunan na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa (*M*=4.41) na may (*SD*=0.64). Ipinapamalas pa rin nito na ang prosesong ito ay nakatutulong upang mas mapahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang mga naunang natutuhan bilang pundasyon sa mas malalim na pag-unawa sa bagong aralin.

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Balik-Tanaw ay nagtamo ng *weighted mean score* na 4.53, *standard deviation* na 0.58 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Katanggap-Tanggap mula sa mga tagatugon.

Ipinakikita nito na ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Balik-Tanaw ay may mataas na katanggapan mula sa mga tagatugon. Ang resultang ito ay bunga ng kakayahan ng kagamitan na hanguin at maipaliwanag ang mga mahahalagang konsepto mula sa dating kaalaman ng mga mag-aaral. Maituturing na epektibo ang sanayang-aklat sa pagpapaunlad ng mataas na antas ng pag-iisip dahil hindi lamang ito nakatuon sa simpleng pag-alala, kungdi sa makabuluhang pag-uugnay ng mga aralin sa personal na karanasan at aktwal na danas ng mga mag-aaral.

Isinisiwalat sa Talahanayan 3 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lusong-Kaalaman.

Nakakukuha ng interes ang mga gawain ng mag-aaral sa simula ng aralin na may (*M*=4.67) at nagpapakita ng Lubhang Katanggap-Tanggap sa antas ng KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito sa mga tuntunin ng Lusong-Kaalaman at sinusuportahan ng (*SD*= 0.51). Sa kabilang banda, naiuugnay ang paksa sa pang-araw-araw na buhay gamit ang mga halimbawa at sitwasyon na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa (*M*=4.42) na may (*SD*=0.64), inilalahad pa rin nito na sa sandaling maunawaan na ng mga mag-aaral ang konteksto ng binasa at masimulan ang pagsagot sa mga tanong, nagiging aktibo na sila sa pagbabahagi ng ideya, na nagpapatunay na ang hamon sa simula ay bahagi lamang ng proseso ng pagpukaw sa kanilang kuryosidad.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lusong-Kaalaman

Mga Pahayag	Mean	SD	Mga Puna
Nakakukuha ng interes ang mga gawain ng mag-aaral sa simula ng aralin.	4.67	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Naipaliliwanag nang malikhain ang paksa upang maging kawili-wili.	4.59	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Napupukaw ang kuryosidad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga tanong at gawain.	4.53	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Naiiangkop ang gawain sa kakayahan ng mga mag-aaral.	4.54	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Naiuugnay ang paksa sa pang-araw-araw na buhay gamit ang mga halimbawa at sitwasyon.	4.42	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.55* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lusong-Kaalaman ay nagkamit ng *weighted mean* na 4.55 at *standard deviation* na 0.58, na may interpretasyong *Lubhang Katanggap-tanggap* para sa mga tagatugon.

Iminumungkahi nito na ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ay Lubhang Katanggap-tanggap sa bahagi ng Lusong-Kaalaman para sa mga tagatugon. Ang resultang ito ay nagpapakita na ang paggamit ng mga malikhaing gawain at mapanghamong mga tanong ay epektibong nakapupukaw sa kuryosidad ng mga mag-aaral. Pinatutunayan nito na ang pagbuo ng mga gawaing nakaangkop sa tunay na lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral ay nagsisilbing matibay na pundasyon upang makuha ang kanilang interes. Sa huli, ang Lusong-Kaalaman ay hindi lamang nagsisilbing motibasyon, kundi isang estratehikong tulay na naghahanda sa mga mag-aaral para sa mas masusing pagsusuri ng mga tekstong tatalakayin sa susunod na bahagi ng aralin.

Ibinabagi sa Talahanayan 4 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Gaod-Kaisipan.

Nailalahad nang malinaw at organisado ang aralin na may (*M*=4.65) at nagpapakita ng Lubhang Katanggap-Tanggap sa antas ng KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lusong-Kaalaman at sinusuportahan ng (*SD*= 0.52). Gayundin, naiuugnay ang paksa sa personal na karanasan ng mga mag-aaral na may mga puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa (*M*=4.42) na may (*SD*=0.68) pinapatunayan pa rin nito na na nakatutulong ang bahaging ito upang maiugnay ng mga mag-aaral ang kanilang sariling karanasan.

Talahanayan 4

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Gaod-Kaisipan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nailalahad nang malinaw at organisado ang aralin.	4.65	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Naipaliliwanag ang mga konsepto sa paraang madaling maunawaan.	4.55	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Naiaangkop ang mga ideya sa itinakdang layunin.	4.52	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nasusuri ang pundasyon ng paksa sa konteksto ng aralin.	4.53	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Naiuugnay ang paksa sa personal na karanasan ng mga mag-aaral.	4.42	0.68	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.53* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Gaod-Kaisipan ay nakakuha ng *weighted mean* na 4.53 at *standard deviation* na 0.58, na may interpretasyong *Lubhang Katanggap-tanggap* para sa mga tagatugon.

Ipinapakita ng mga natuklasan na ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang sanayang aklat ay napatunayang Lubhang Katanggap-tanggap sa aspektong Gaod-Kaisipan. Ang resultang ito ay isang malakas na indikasyon na ang mga konsepto sa aklat ay hindi lamang mabilis na nauunawaan, kundi epektibo ring nagagabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng pundasyon at konteksto ng bawat aralin. Ang tagumpay ng sanayang aklat ay nakaugat sa sistematikong pagkakahanay ng mga nilalaman nito. Nagsisilbi itong mahalagang instrumento upang ihatid ang mga mag-aaral mula sa pag-unawa ng mga payak na konsepto patungo sa pagbuo ng mas komprehensibong ideya. Sa pamamagitan ng maayos na organisasyon at malinaw na presentasyon, natutulungan ng KISLAP ang mga mag-aaral na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

makamit ang mga kasanayang kinakailangan para sa mas mataas na antas ng pag-iisip.

Inilalahad sa Talahanayan 5 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Layag-Diwa.

Nasusukat ng mga tanong ang komprehensyon ng mga mag-aaral (*M*=4.65) at nagpapakita ng Lubhang Katanggap-tanggap na antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Layag-Diwa ay sinusuportahan ng (*SD*=0.52). Dagdag pa rito, natutulungan ang mga mag-aaral na pag-ugnayin ang mga konsepto na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M*=4.42) at sinusuportahan ng (*SD*=0.64), ipinahihiwatig nito na ang mga tanong na nakapaloob sa binuong sanayang aklat ay humahamon sa kanila na ilahad ang kanilang naunawaan mula sa teksto mula sa literal patungo sa interpretatib na antas o lebel. Sa prosesong ito, nahihikayat silang hindi lamang tukuyin ang tahasang impormasyon, kundi suriin din nila ang mga nakatagong kahulugan.

Talahanayan 5

*Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Layag-**Diwa***

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nasusukat ng mga tanong ang komprehensyon ng mga mag-aaral.	4.65	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Napauunlad ng mga tanong ang kasanayan sa pagsusuri ng mga mag-aaral.	4.55	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Naiaayon ang mga tanong sa layunin ng aralin.	4.51	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nahahamon ang mga mag-aaral na magpaliwanag ng sariling pananaw.	4.53	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Natutulungan ang mga mag-aaral na pag-ugnayin ang mga konsepto.	4.42	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.53* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Layag-Diwa ay nakakuha ng *weighted mean* na 4.53 at *standard deviation* na 0.58, may interpretasyong *Lubhang Katanggap-tanggap* para sa mga tagatugon.

Lumitaw sa resulta na ang sanayang aklat na KISLAP ay napatunayang Lubhang Katanggap-tanggap sa aspektong Layag-Diwa. Ipinapakita nito na ang mga gawain ay epektibong nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng teksto. Sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling pananaw batay sa binasa, mas nahahasa ang kanilang kakayahan sa pagbibigay ng lohikal na pangangatwiran at pagbuo ng komprehensibong kuro-kuro.

Ibinabahagi sa Talahanayan 6 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lambat-Likha.

Napalalawak ng mga gawain ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral na may (*M=4.66*) at nagpapamalas ng Lubhang Katanggap-tanggap na antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa bahagi nito ayon sa Lambat-Likha at sinusuportahan ng (*SD=0.52*). Samantala, nakalilikha ng sariling awput ang mga mag-aaral na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa (*M=4.42*) na may (*SD=0.64*), ipinahihiwatig pa rin nito na angkop ang mga gawain ayon sa pangangailangan at kagustuhan ng mga mag-aaral at nakatutulong na mahubog ang kanilang kasanayan sa pagpapahayag gamit ang lohikal na pangangatwiran.

Talahanayan 6

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lambat-Likha

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Napalalawak ng mga gawain ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.66	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Naiuugnay ng mga mag-aaral ang aralin sa tunay na buhay.	4.57	0.65	Lubos na Sumasang-ayon
Naiaangkop ang mga gawain sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.	4.54	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nailalapat ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutunang kaalaman.	4.54	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Nakalilikha ng sariling awput ang mga mag-aaral.	4.42	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.54* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Lambat-Likha ay nakakuha ng *weighted mean* na 4.54 at *standard deviation* na 0.58, may interpretasyong *Lubhang Katanggap-tanggap* para sa mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Iminumungkahi ng mga datos na ang sanayang aklat na KISLAP ay napatunayang Lubhang Katanggap-tanggap sa aspektong Lambat-likha. Ang mataas na pagtatanggap na ito ay nagpapatunay na ang mga gawain sa nasabing bahagi ay nagbibigay ng mahalagang pagkakataon sa mga mag-aaral na mailapat ang kanilang mga natutuhan sa pagbuo ng mga orihinal na awput. Ang tagumpay na ito ay bunga ng disenyo ng mga gawain na nakatuon sa mataas na antas ng kognitibong kasanayan sa halip na maging pasibong tagatanggap lamang ng impormasyon, ang mga mag-aaral ay aktibong nagsasaliksik, bumubuo ng mga konsepto, at kumakatha ng sariling teksto batay sa komprehensibong pagsusuri ng datos. Sa huli, hindi lamang ang makrong kasanayan sa pagbasa ang napaunlad sa tulong ng sanayang aklat, kundi maging ang kanilang kakayahan sa kritikal na pagsulat na mahalaga sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Isinisiwalat sa Talahanayan 7 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Salok-Dunong.

Napalalalim ang pag-unawa sa tulong ng integrasyon na may (*M*=4.68) at nagpamalas ng Lubhang Katanggap-tanggap na antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Salok-Dunong at sinusuportahan ng (*SD*=0.51). Samantala, nakikilahok ang mga mag-aaral sa kolaboratibong pagkatuto na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa (*M*=4.41) na may *(SD*=0.64), ipinararating pa rin nito pamamagitan ng kolaboratibong pagkatuto ang mag-aaral ay nagagawang makilahok, kumikilos bilang isa upang isakatuparan ang layunin na inaasahan nilang matatamo at mas lumalalim ang kanilang pang-unawa hinggil sa paksa.

Talahanayan 7

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Salok-Dunong

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Napalalalim ang pag-unawa sa tulong ng integrasyon.	4.68	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Natataya ang pagsasakatuparan ng layunin sa mga pagsasanay.	4.57	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Naipamamalas ang aplikasyon ng natutunan sa gawaing pangkatan.	4.56	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Napagsasanib ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaalaman mula sa aralin.	4.55	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Nakikilahok ang mga mag-aaral sa kolaboratibong pagkatuto.	4.41	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.55* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa bahagi nito ayon sa Salok-Dunong ay nakakuha ng *weighted mean* na 4.55 at *standard deviation* na 0.58, may interpretasyong *Lubhang Katanggap-tanggap* para sa mga tagatugon.

Nagpapahiwatig ang kinalabasan na ang sanayang aklat na KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ay napatunayang Lubhang Katanggap-tanggap batay sa pagsusuri sa Bahagi ng Salok-Dunong. Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang mga kolaboratibong gawain sa materyal ay epektibong nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makilahok at kumilos nang may pagkakaisa tungo sa pagkamit ng mga itinakdang layunin. Sa pamamagitan ng pagpapalitan ng ideya, hindi lamang lumalalim ang kanilang pag-unawa sa paksa, kundi nahahasa rin ang kanilang kasanayan sa pakikipagtalastasan at intelektwal na kakayahan. Samakatuwid, ang KISLAP ay nagsisilbing isang mahalagang instrumento sa paghubog ng isang holistikong mag-aaral na handa sa hamon ng reyalidad.

Talahanayan 8

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Daong-Kamalayan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Napalalalim ng replektibong gawain ang kamalayan ng mga mag-aaral.	4.66	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Nagmumuni ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng kanilang natutunan.	4.55	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Napatitibay ng gawain ang pananaw at panindigan ng mga mag-aaral.	4.52	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Naipakikita kung paano mailalapat ang aralin sa tunay na buhay.	4.53	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Nahahamon ang mga mag-aaral na isabuhay ang aralin sa labas ng paaralan.	4.42	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.54* *0.58* *Lubhang Katanggap-tanggap*		

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Daong-Kamalayan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Napalalalim ng replektibong gawain ang kamalayan ng mga mag-aaral (*M=4.66*) at nagpamalas ng antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Bahagi nito ayon sa Daong-Kamalayan at sinusuportahan ng (*SD=0.52*). Sa kabilang dako, nahahamon ang mga mag-aaral na isabuhay ang aralin sa labas ng paaralan na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa *(M=4.42*) na may (*SD=0.64*), ipinararating pa rin nito na nagagawa ng aklat na patatagin ang panindigan ng mga mag-aaral at hamunin silang isabuhay ang mga aralin sa labas ng paaralan.

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa bahagi nito ayon sa Daong-Kamalayan ay nakakuha ng *weighted mean* na 4.54 at *standard deviation* na 0.58, may interpretasyong *Lubhang Katanggap-tanggap* para sa mga tagatugon.

Ayon sa pagsusuri, makikita na ang sanayang aklat na KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ay napatunayang Lubhang Katanggap-tanggap batay Bahagi nito ayon sa Daong-Kamalayan. Napatunayan na ang sanayang aklat na KISLAP ay isang napakahalagang kagamitang panturo sa paglinang ng mapanuring pag-iisip. Ito ay nagpapatunay na nagagawa ng aklat na patatagin ang panindigan ng mga mag-aaral at hamunin silang isabuhay ang mga aralin sa labas ng paaralan. Ang ganitong uri ng kagamitan ay hindi lamang nagpapaunlad ng kasanayang intelektwal kundi nagbubukas din ng mas malawak na kamalayan na magagamit ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga hamon ng tunay na buhay.

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito

Sa pananaliksik na ito, ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito na tumutukoy sa mga sumusunod: Katumpakan, Kaangkupan, Kalinawan at Kaayusan.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito paglalarawan, *Mean, Standard Deviation,* at Berbal na Interpretasyon.

Talahanayan 9

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang bilang sanayang aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito ayon sa Katumpakan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naitatampok ang tumpak at wastong impormasyon sa sanayang aklat.	4.62	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Nasusuportahan ng sapat na batayan at sanggunian ang mga datos at impormasyon.	4.53	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Natitiyak ang kawastuhan ng gramatika at baybay sa binuong materyal.	4.49	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Naipakikita ang malinaw at tamang mga halimbawa sa bawat aralin.	4.50	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Naiaayon ang nilalaman sa kasalukuyang pamantayan ng asignaturang Filipino.	4.44	0.63	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.51* *0.58* *Lubhang Kapansin-pansin*		

Ipinakikita ng Talahanayan 9 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Katumpakan.

Naitatampok ang tumpak at wastong impormasyon sa sanayang aklat na may (*M*=4.62) at nagpamalas ng Lubos na Kapansin-pansin sa antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa katangian nito ayon sa Katumpakan at sinuportahan ng (*SD*=0.53). Gayundin, naiaayon ang nilalaman sa kasalukuyang pamantayan ng asignaturang Filipino na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M*=4.49) na may (*SD*=0.57), pinapatunayan pa rin nito na ang binuong materyal ay naglalaman ng mga impormasyong mapagkakatiwalaan na may sapat na sanggunian at angkop ang wikang ginamit.

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Katumpakan ay nakapagtala ng pangkalahatang *weighted mean* na 4.51 at *standard deviation* na 0.58 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Kapansin-pansin.

Lumitaw batay sa pagsusuri na ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Katumpakan ay Lubhang Kapansin-pansin. Ang paglalakip ng mga sapat na batayan, sanggunian, at malinaw na halimbawa ng mga teksto ay nagpapatunay na ang KISLAP ay isang mapagkakatiwalaang kagamitang pampagtuturo. Ito ay nagsisilbing mahalagang instrumento sa paghahatid ng makatotohanang kaalaman na kailangan sa pagpapaunlad ng intelektwal na kakayahan at kasanayan sa pagsusuri ng mga mag-aaral.

Inilalahad sa Talahanayan 10 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kaangkupan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Naiaangkop ang nilalaman sa kakayahan ng mga target na mag-aaral na may (*M=4.62*) at nagpapahiwatig ng Lubhang Kapansin-pansin sa antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kaangkupan na sinusuportahan ng (*SD*=0.53). Taliwas dito, naisasaalang-alang ang lokal na kultura at karanasan ng mga mag-aaral sa nilalaman ng sanayang aklat. Bagama't mas mababa (*M*=4.42) na may (*SD*=0.64), ipinapahiwatig pa rin nito na ang materyal ay gumamit ng mga salitang naayon at tugma sa kakayahan ng pang-unawa o komprehensyon ng mga mag-aaral.

Talahanayan 10

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang bilang sanayang aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito ayon sa Kaangkupan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naiaangkop ang nilalaman sa kakayahan ng mga target na mag-aaral.	4.62	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Naiaayon ang mga gawain sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.50	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nagagamit ang angkop na wika ayon sa lebel ng mga mag-aaral.	4.47	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Napahihintulutan na magamit ang sanayang-aklat sa iba't ibang konteksto.	4.50	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Naisasaalang-alang ang lokal na kultura at karanasan ng mga mag-aaral sa nilalaman ng sanayang aklat.	4.42	0.64	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.50* *0.58* *Lubhang Kapansin-pansin*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa katangian nito ayon sa Kaangkupan ay may *weighted mean score* na 4.50, *standard deviation* na 0.58 at berbal na interpretasyon na Lubhang Kapansin-pansin.

Nagpapakita ang pag-aaral na ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kaangkupan ay Lubhang Kapansin-pansin. Ang kinalabasang ito ay isang matibay na indikasyon na ang binuong materyal ay isang inklusibong kagamitang pampagturo na maaaring gamitin sa iba't ibang konteksto. Napatunayan ng datos na matagumpay na naisaalang-alang sa pagbuo ng aklat ang lokal na kultura, karanasan, at tunay na kakayahan ng mga target na mag-aaral. Sa madaling salita, ang KISLAP ay hindi lamang isang lunsaran ng kaalaman kundi isang materyal na lapat sa reyalidad at antas ng pagkatuto ng mga gumagamit nito. Tinataglay ng binuong materyal ang pagiging sensitibo nito sa mga target na gagamit nito.

Ibinahagi sa Talahanayan 11 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kalinawan.

Naiaayos nang organisado ang mga aralin sa sanayang aklat (*M*=4.62) at nagpapamalas ng Lubhang Kapansin-pansin sa antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kalinawan na sinusuportahan ng (*SD*=0.53). Samantala, naipakikita ang maayos at madaling sundan ang pagkakasunod-sunod ng mga paksa na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bahagyang mas mababa ang (*M*=4.47, *SD*=0.58), pinatutunayan pa rin nito na ang pagkakahati-hati at pagkakaroon ng iisang pormat sa bawat paksa ay nakatulong sa makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 11

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang bilang sanayang aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito ayon sa Kalinawan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naiaayos nang organisado ang mga aralin sa sanayang aklat.	4.62	0.53	Lubos na sumasang-ayon
Nasusunod ang lohikal na daloy mula sa layunin hanggang sa pagtataya.	4.49	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nahahati nang malinaw ang mga bahagi ng sanayang aklat.	4.50	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Naipakikita ang maayos at madaling sundan ang pagkakasunod-sunod ng mga paksa.	4.47	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Nagagamit ang kaaya-ayang disenyo at pormat upang mapadali ang pagkatuto.	4.48	0.63	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.51* *0.57* *Lubhang Kapansin-pansin*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bukang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kalinawan ay umani ng pangkalahatang *weighted mean score* na 4.51, *standard*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

deviation na 0.57 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Kapansin-pansin.

Lumitaw batay sa pagsusuri na ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kalinawan ay naging Lubhang Kapansin-pansin para sa mga tagatugon. Ipinamamalas ng kinalabasang ito na ang binuong materyal ay isang organisadong gabay sa pagkatuto. Ang lohikal na daloy nito mula sa pagtatakda ng layunin hanggang sa pagtataya ay nagpapatunay na ang sanayang aklat ay madaling sundan at hindi nakalilito para sa mga mag-aaral. Ang ganitong kaayusan ay mahalaga sa pagpapanatili ng pokus ng mga gagamit nito habang tinatahak ang sunod-sunod na paksa sa asignatura.

Inilalahad sa Talahanayan 12 ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kaayusan.

Nagbibigay ng tiyak at malinaw na panuto ang bawat bahagi ng aralin upang magabayan ang mga mag-aaral at nagpamalas ng Lubos na Kapansin-pansin sa antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kaayusan na sinusuportahan ng (*M*=4.58, *SD*=0.53). Samantala, naipakikilala ang mga bagong ideya sa tulong ng malinaw na halimbawa at biswal na pantulong at naipakikita ang konsisteng istilo sa wika at presentasyon upang maiwasan ang pagkalito sa pagbasa at pagsagot sa mga gawain na may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't mas mababa (*M*=4.49, *M*=4.49) na may (*SD*=0.55, *SD*=0.63), ipinapamalas pa rin nito na ang mga gawaing nakapaloob sa sanayang aklat ay nagbibigay nang maayos at malinaw na gabay sa mga mag-aaral sa tulong ng paggamit ng mga payak na salita na mabilis nilang mauunawaan.

Talahanayan 12

Antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang bilang sanayang aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa mga Katangian nito ayon sa Kaayusan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nagbibigay ng tiyak at malinaw na panuto ang bawat bahagi ng aralin upang magabayan ang mga mag-aaral.	4.58	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Nailalahad ang mga konsepto sa paraang konkreto at madaling iugnay sa karanasan ng mga mag-aaral.	4.50	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Naipakikilala ang mga bagong ideya sa tulong ng malinaw na halimbawa at biswal na pantulong.	4.49	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Naiiwasan ang mga teknikal na salitang hindi angkop sa antas ng pag-unawa ng target na mag-aaral.	4.55	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Naipakikita ang konsisteng istilo sa wika at presentasyon upang maiwasan ang pagkalito sa pagbasa at pagsagot sa mga gawain.	4.49	0.63	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.52* *0.57* *Lubhang Kapansin-pansin*		

Ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa Katangian nito ayon sa Kaayusan ay may *weighted mean score* na 4.52, *standard deviation* na 0.57 at berbal na interpretasyon na Lubhang Kapansin-pansin.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang antas ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analis at Pagpapasya) bukang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik batay sa katangian nito ayon sa Kaayusan ay naging Lubos na Kapansin-pansin para sa mga tagatugon. Ang mataas na markang ito ay sumasalamin sa sistematikong pagkakabuo ng kagamitang panturo, kung saan ang mga konsepto ay inilahad sa paraang konkreto at madaling iugnay sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga biswal na pantulong at malinaw na mga halimbawa ay nakatulong nang malaki upang maging mas madaling makuha ang atensyon at interes ng mga gumagamit nito. Bukod dito, ang konsistensi sa istilo ng wika at presentasyon ay nagsilbing pundasyon upang mapanatili ang lohikal na daloy ng impormasyon mula sa simula hanggang sa dulo ng materyal.

Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ang Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral batay sa Pagsusuri ng Impormasyon, Pangangatwirang Lohikal, Paglutas ng Suliranin, at Pagpapasya.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral gaya ng puntos, *Frequency*, *Percentage*, paglalarawan, *Mean, Standard Deviation,* at Berbal na Interpretasyon.

Ipinakikita sa Talahanayan 13 ang Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagsusuri ng Impormasyon ng mga Mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 13

Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagsusuri ng Impormasyon ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Kritikal *sa Pagsusuri ng Impormasyon*		Paglalarawan
	f	**%**	
5	82	41.00	Natatangi
4	64	32.00	Lubhang Kasiya-siya
3	53	26.50	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	0	0.00	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.14* *0.82* *Mahusay*		

Ibinabahagi sa talahanayan na mula sa dalawang daang (200) tagatugon, ang marka na *"5*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na walumpu't dalawa (82) o 41.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** At ang marka na *"4"* ay mayroong bilang na animnapu't apat (64) o 32.00 % ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** Habang ang marka na *"2"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Kasiya-siya*.

Mula sa talahayan makikita na ito ay may weighted mean *(M = 4.14, SD = 0.82)* at *(pinakamababang marka = 2, pinakamataas na marka = 5)* ipinapakita na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagsusuri ng Impormasyon ng mga Mag-aaral ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay.*

Nagpapakita ang pag-aaral na ang antas ng Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagsusuri ng Impormasyon ng mga mag-aaral ay nasa antas ng *Mahusay.* Ang pangkalahatang resulta ay isang matibay na patunay na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagtukoy ng katumpakan ng impormasyon at pagkilatis sa kredibilidad ng mga sanggunian. Nangangahulugan ito na nagawa ng mga tagatugon na mailahad nang malinaw, kumpleto, at organisado ang pagbanggit sa mga impormasyong may kaugnayan sa tektsto at nagawa nilang maipamalas ang malalim nilang pag-unawa sa pinagmulan nito.

Talahanayan 14

Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pangangatwirang Lohikal ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Kritikal *sa Pangangatwirang Lohikal*		Paglalarawan
	f	**%**	
5	75	37.50	Natatangi
4	85	42.50	Lubhang Kasiya-siya
3	38	19.00	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.16* *0.78* *Mahusay*		

Talahanayan bilang 14 ay nagpapakita ng Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pangangatwirang Lohikal ng mga Mag-aaral.

Makikita na mula sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na *"4*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na walumpu't lima (85) o 42.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** At ang marka na *"5"* ay mayroong bilang na pitumpu't lima (75) o 37.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** Habang ang marka na *"2" at "1"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Hindi nakatugon sa inaasahan.*

May kabuoang *(Weighted Mean = 4.16, SD = 0.78)* at *(pinakamababang marka = 1, pinakamataas na marka = 5)* ipinakita na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagsusuri ng Impormasyon ng mga mag-aaral ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay.*

Ipinakikita ng resulta na ang antas ng Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pangangatwirang Lohikal ng mga Mag-aaral ay nasa antas ng Mahusay. Nagpapahiwatig ito na nagawang makilala ng mga mag-aaral ang iba't ibang pananaw at makatukoy ng mahahalagang detalye sa sinuring teksto. Pinatutunayan na marami ang nagpamalas ng higit na malalim na kakayahan sa pagbuo ng mapanuri at komprehensibong paliwanag gamit ang lohikal na pagpapaliwanag sa tulong ng pagbibigay ng mga konkretong halimbawa mula sa tekstong kanilang sinuri. Ang kanilang kakayahan sa pangangatwirang lohikal ay nagsisilbing pundasyon sa mas mataas na antas ng pagkatuto, tulad ng analisis, ebalwasyon, at paglikha. Samakatuwid, ang resulta ay nagpapahiwatig ng positibong epekto ng mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo, na nagbunga ng makabuluhang pag-unlad sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 15

Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Paglutas ng Suliranin ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Kritikal *sa Paglutas ng Suliranin*		Paglalarawan
	f	**%**	
5	75	37.50	Natatangi
4	78	39.00	Lubhang Kasiya-siya
3	45	22.50	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.13* *0.81* *Mahusay*		

Talahanayan bilang 15 ay nagpapakita ng Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Paglutas ng Suliranin ng mga Mag-aaral.

Makikita mula rito na sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na *"4*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na pitumpu't walo (78) o 39.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** At ang marka na *"5"* ay mayroong bilang na pitumpu't lima (75) o 37.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** Habang ang marka na *"1"* at *"2"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Katamtamang Kasiya-siya* at *Hindi nakatugon sa inaasahan.*

Ipinapakita mula rito na may kabuoang *(Weighted Mean = 4.13, SD = 0.81)* at *(pinakamababang marka =2 at 1, pinakamataas na marka = 4)* ipinapakita na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Paglutas ng Suliranin ng mga Mag-aaral ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay.*

Pinatunayan ng resulta na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral batay sa Paglutas ng Suliranin ay nasa lebel ng Mahusay. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may pundasyon na sa paglutas ng suliranin batay sa maingat na pagsusuri ng datos. Isinisiwalat nito na ang mga mag-aaral ay nagawang makapaglahad nang malinaw at detalyadong paliwanag na nagpapakita ng ugnayan nito sa kanilang sarili at lipunan. Sila rin ay nagpamalas ng kasanayan na makapagbigay ng konkretong aksyon at hakbang upang mailapat sa tunay buhay ang aral mula sa teksto.

Isinisiwalat ng Talahanayan bilang 16 ang Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagpapasya ng mga Mag-aaral.

Makikita mula rito na sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na *"5*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na walumpu (80) o 40.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** At ang marka na *"4"* ay mayroong bilang na pitumpu't apat (74) o 37.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** Habang ang marka na *"1"* at *"2"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Katamtamang Kasiya-siya* at *Hindi nakatugon sa inaasahan.*

Talahanayan 16

Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa Pagpapasya ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Kritikal *sa Pagpapasya*		Paglalarawan
	f	**%**	
5	80	40.00	Natatangi
4	74	37.00	Lubhang Kasiya-siya
3	44	22.00	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.13* *0.80* *Mahusay*		

May kabuoang *(Weighted Mean = 4.13, SD = 0.80)* at *(pinakamababang marka =2 at 1, pinakamataas na marka = 5)* ipinapakita na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral batay sa Pagpapasya ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay*.

Ayon sa mga natuklasan, nagpapakita ang pag-aaral na ang Lawak ng Kasanayang Kritikal batay sa salik na Pagpapasya ng mga Mag-aaral ay nasa antas ng Mahusay. Inilalahad nito na ang mga mag-aaral ay nagawang matukoy nang malinaw ang layunin, mensahe, at kahalagahan ng tekstong kanilang sinuri na nakatulong upang mas maunawaan nila nang mas malalim ang epekto nito sa kanilang sarili, pamilya, lipunan, mundo, at daigdig. Sa pamamagitan nito, sila ay nagpasya sa pamamagitan ng pagkilatis sa mga suliranin na nagsisilbing pundasyon sa pagbuo nila ng mga konkretong suhestiyon at hakbang sa paglutas ng mga isyung kanilang nararanasan at naoobserbahan.

Lawak ng Kasanayang Analitikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral

Sa pananaliksik na ito, ang Lawak ng Kasanayang Analitikal na Pag-iisip ng mga Mag-aaral na tumutukoy sa mga sumusunod: Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, Pag-aanalisa ng mga Datos, Pagsusuri ng Sitwasyon, at Pagbuo ng Sintesis.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang Lawak ng Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral gaya ng puntos,
Frequency, *Percentage*, paglalarawan, *Mean, Standard Deviation* at Berbal na Interpretasyon.

Ipinapakita ng Talahanayan 17 ang Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya ng mga Mag-aaral.

Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba mula sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na *"4*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na walumpu't dalawa (82) o 41.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** At ang marka na *"5"* ay mayroong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

bilang na pitumpu't apat (75) o 37.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** Habang ang marka na *"1"* at *"2"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Katamtamang Kasiya-siya* at *Hindi nakatugon sa inaasahan.*

Talahanayan 17

Lawak ng Kasanayang Analitikal na Pag-iisip batay sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Analitikal *sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya*		Paglalarawan
	f	**%**	
5	75	37.50	Natatangi
4	82	41.00	Lubhang Kasiya-siya
3	41	20.50	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.15* *0.79* *Mahusay*		

May kabuoang *(Weighted Mean = 4.15, SD = 0.79)* at *(pinakamababang marka =2 at 1, pinakamataas na marka = 4)* ipinapakita na ang lawak ng kasanayang analitikal ng mga mag-aaral batay sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay.*

Ipinapakita nito na ang Lawak ng Pag-iisip ng Kasanayang Analitikal batay sa salik na Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya ng mga Mag-aaral ay nasa antas ng Mahusay. Pinatutunayan nito na ang mga mag-aaral ay nakapaglahad nang malinaw at masusing paliwanag na kung saan nagawa nilang makita ang koneksyon at ugnayan ng ideya, makilatis ang ugnayan sa ng teksto sa may-akda at masusing maipaliwanag ang ugnayan nito sa konteksto ng lipunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tiyak at makatotohanang halimbawa.

Ibinabahagi sa Talahanayan 18 ang Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pag-aanalisa ng Datos ng mga Mag-aaral.

Talahanayan 18

Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pag-aanalisa ng Datos ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Analitikal *sa Pag-aanalisa ng Datos*		Paglalarawan
	f	**%**	
5	75	37.50	Natatangi
4	83	41.50	Lubhang Kasiya-siya
3	40	20.00	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.15* *0.79* *Mahusay*		

Makikita sa talahanayan sa itaas na mula sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na *"4*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na walumpu't tatlo (83) o 41.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** At ang marka na *"5"* ay mayroong bilang na pitumpu't lima (75) o 37.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** Habang ang marka na *"1"* at *"2"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Katamtamang Kasiya-siya* at *Hindi nakatugon sa inaasahan.*

May kabuoang *(Weighted Mean = 4.15, SD = 0.79)* at *(pinakamababang marka =2 at 1, pinakamataas na marka = 4)* ipinapakita na ang lawak ng kasanayang analitikal ng mga mag-aaral batay sa Pag-aanalisa ng Datos ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay.*

Lumitaw batay sa pagsusuri na ang Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pag-aanalisa ng Datos ng mga mag-aaral ay nasa antas ng Mahusay. Ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng kasanayan sa pagbibigay nang malalim at wastong interpretasyon sa mga impormasyon. Sila rin ay nagpamalas ng kasanayan na maglahad ng datos at maipaliwanag din ang makabuluhang implikasyon at koneksyon nito sa mas malawak na konteksto na mahalagang gawain sa kanilang kakayahang mag-isip nang analitikal. Ibig sabihin nito, ang mga mag-aaral ay may sapat ng kakayahan na hindi lamang magsuri ng datos bagkus mabigyan ito ng komprehensibong interpretasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 19

Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pagsusuri ng Sitwasyon ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Analitikal *sa Pagsusuri ng Sitwasyon*		Paglalarawan
	F	**%**	
5	75	37.50	Natatangi
4	78	39.00	Lubhang Kasiya-siya
3	45	22.50	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.13* *0.81* *Mahusay*		

Inilalahad sa Talahanayan 19 ang Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pagsusuri ng Sitwasyon ng mga Mag-aaral.

Ipinapakita sa talahanayan na mula sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na *"4*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na pitumpu't walo (78) o 39.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya***.** At ang marka na *"5"* ay mayroong bilang na pitumpu't lima (75) o 37.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Natatangi***.** Habang ang marka na *"1"* at *"2"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Katamtamang Kasiya-siya* at *Hindi nakatugon sa inaasahan.*

Mula rito makikita na may kabuoang *(Weighted Mean = 4.13, SD = 0.81)* at *(pinakamababang marka =2 at 1, pinakamataas na marka = 4)* ipinapakita na ang lawak ng kasanayang analitikal batay sa Pagsusuri ng sitwasyon ng mga mag-aaral ay may mapaglarawang katumbas na *Mahusay.*

Ipinahihiwatig nito na ang Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pagsusuri ng Sitwasyon ng mga Mag-aaral ay lumabas na nasa antas ng Mahusay. Ang resulta na ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng komprehensibo at lohikal na pagsusuri na kung saan malinaw nilang nailahad at natukoy ang pangunahing problema sa teksto, ang epekto nito sa kanilang sarili, pamilya, lipunan, at daigdig at nagawa nilang makapagbigay ng konkretong solusyon o mga tiyak na hakbang kung paano ito masosolusyunan.

Ipinapamalas sa Talahanayan 20 ang Lawak ng Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral batay sa Pagbuo ng Sintesis ng mga Mag-aaral.

Talahanayan 20

Lawak ng Kasanayang Analitikal na Pag-iisip batay sa Pagbuo ng Sintesis ng mga Mag-aaral

Puntos	Lawak ng Kasanayang Analitikal *sa Pagsusuri ng Sitwasyon*		Paglalarawan
	F	**%**	
5	74	37.00	Natatangi
4	80	40.00	Lubhang Kasiya-siya
3	44	22.00	Kasiya-siya
2	1	0.50	Katamtamang Kasiya-siya
1	1	0.50	Hindi nakatugon sa Inaasahan
Kabuoan	200	100	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*4.13* *0.81* *Mahusay*		

Ibinabahagi mula sa talahanayan, sa kabuoang dalawang daang tagatugon, ang marka na "4" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na walumpu (80) o 40.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Lubhang Kasiya-siya**.** At ang marka na "5" ay mayroong bilang na pitumpu't apat (74) o 37.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Natatangi**.** Habang ang marka na "1" at "2" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.50% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Katamtamang Kasiya-siya at Hindi nakatugon sa inaasahan.

Batay sa talahanayan, makikita na may kabuoang (*Weighted Mean* = 4.13, *SD* = 0.81) at (pinakamababang marka =2 at 1, pinakamataas na marka = 4) ipinapakita na ang lawak ng kasanayang analitikal ng mga mag-aaral batay sa Pagbuo ng sintesis ng mga Ideya ay may mapaglarawang katumbas na Mahusay.

Pinatutunayan ng resulta na ang Lawak ng Kasanayang Analitikal batay sa Pagbuo ng Sintesis ng mga Mag-aaral ay nasa antas ng Mahusay. Ito ay nagpapatunay na ang kabuoang pangkat ay may kakayahan nang maglahad ng mga ideyang hango sa teksto. Ipinapakita ng resulta na ang mga tagatugon ay nakabuo nang isang komprehesibo at lohikal pagsusuri na naglalaman ng kanilang ideya hinggil sa mahahalagang punto na hango sa teksto, nagawa nilang mailahad ang kanilang personal na damdamin at makapagbigay ng solusyon batay sa nakita nilang problema o suliranin. Sa kabuoan, ang isinagawa nilang pagsusuri ay kakikitaan nang malinaw at organisadong paghahanay ng kanilang pananaw at ideya sa tekstong kanilang sinuri.

Pagsusuri ng Makabuluhang Epekto ng KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral

Sa pananaliksik na ito, ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) sa aspektong mga Bahagi ay tumutukoy sa mga sumusunod: Abot-Tanaw, Balik-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Tanaw, Lusong-Kaalaman, Gaod-Kaisipan, Layag-Diwa, Lambat-Likha, Salok-Dunong at Daong-Kamalayan. Samantala, sa aspektong mga Katangian, ito a tumutukoy sa Katumpakan, Kaangkupan, Kalinawan at Kaayusan.

Samantala, ang Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral ay tumutukoy sa mga sumusunod: Pagsusuri ng Impormasyon, Pangangatwirang Lohikal, Paglutas ng Suliranin at Pagpapasya.

Ang makabuluhang epekto sa pagitan ng sanayang aklat na KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) at Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral ay ipinapakita sa mga susunod na talahanayan, na nagpapakita ng *Multiple Regression Analysis* gamit ang t-*Test, p-value* at populasyon (*N).*

Ipinapakita sa Talahanayan 21 ang Makabuluhang Epekto ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral.

Makikita sa talahanayan na may makabuluhang epekto sa pagitan ng Sanayang Aklat na KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) batay sa bahagi nitong Abot-Tanaw at ang Lawak ng Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral sa Pagsusuri ng Impormasyon. Ito ay pinatutunayan ng *computed t-value (t-cal)* na 1.985 na mas mataas sa *critical value (t-crit)* o *constant* na 1.972 at may interpretasyong makabuluhan. Pinagtitibay pa ito ng p-value na 0.048 na mas mababa sa 0.05 at may interpretasyong makabuluhan. Gayundin, may makabuluhang epekto sa pagitan ng Abot-Tanaw at Pangangatwirang Lohikal, kung saan nakakuha ng *t-cal* na 2.026 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may interpretasyong makabuluhan. Sinusuportahan ito ng p-value na 0.044 na mas mababa sa 0.05, kaya't ang berbal na interpretasyon ay makabuluhan.

Talahanayan 21

Makabuluhang Epekto ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral

Bahagi at Katangian ng KISLAP		***Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral***			
		Pagsusuri ng Impor-masyon	**Pangangat-wirang Lohikal**	**Paglutas ng Suliranin**	***Pagpapasya***
Abot-Tanaw	t-value	1.985*	2.026*	2.008*	2.024*
	p-value	0.048	0.044	0.046	0.044
	N	200	200	200	200
Balik-Tanaw	t-value	2.399*	1.982*	2.014*	2.112*
	p-value	0.017	0.048	0.045	0.035
	N	200	200	200	200
Lusong-Kalaaman	t-value	1.979*	2.110*	2.000*	2.016*
	p-value	0.040	0.036	0.046	0.045
	N	200	200	200	200
Gaod-Kaisipan	t-value	2.94*	1.971*	2.049*	2.189*
	p-value	0.017	0.050	0.04	0.029
	N	200	200	200	200
Layag-Diwa	t-value	2.402*	1.982*	2.057*	2.196*
	p-value	0.017	0.048	0.041	0.029
	N	200	200	200	200
Lambat-Likha	t-value	2.084*	2.045*	2.097*	2.114*
	p-value	0.038	0.042	0.037	0.036
	N	200	200	200	200
Salok-Dunong	t-value	1.985*	2.027*	2.008*	2.024*
	p-value	0.048	0.044	0.046	0.044
	N	200	200	200	200
Daong-Kamalayan	t-value	2.311*	2.049*	2.128*	2.269*
	p-value	0.021	0.042	0.035	0.024
	N	200	200	200	200
Katumpakan	t-value	2.009*	2.138*	2.273*	2.334*
	p-value	0.046	0.034	0.024	0.021
	N	200	200	200	200
Kaangkupan	t-value	2.151*	1.933	2.197*	2.344*
	p-value	0.033	0.048*	0.029	0.020
	N	200	200	200	200
Kalinawan	t-value	2.391*	2.092*	2.141*	2.246*
	p-value	0.018	0.037	0.033	0.025
	N	200	200	200	200
Kaayusan	t-value	2.149*	2.187*	2.384*	2.357*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

	p-value	0.033	0.029	0.018	0.019
	N	200	200	200	200

Constant=1.972

Ipinapakita rin ng talahanayan na may makabuluhang epekto sa pagitan ng Abot-Tanaw at Pangangatwirang Lohikal, kung saan nakakuha ng t-cal na 2.026 na mas mataas sa t-crit na 1.972 at may interpretasyong makabuluhan. Sinusuportahan ito ng p-value na 0.044 na mas mababa sa 0.05, kaya't makabuluhan. Gayundin, sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.008 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may interpretasyong makabuluhan. Pinagtitibay ito ng p-value na 0.046 na mas mababa sa 0.05, kaya't nananatiling makabuluhan. Samantala, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.024 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may interpretasyong makabuluhan. Sinusuportahan ito ng *p-value* na 0.044 na mas mababa sa 0.05, na nagpapatunay na ito rin ay makabuluhan.

Mula rin sa talahanayan, makikita na ang bahaging Balik-Tanaw ng Sanayang Aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa pagsusuri ng impormasyon, ang nakuhang *t-value (t-cal)* na 2.399 ay mas mataas sa *critical value (t-crit)* na 1.972 at may *p-value* na 0.017 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay may interpretasyong makabuluhan. Samantala, sa Pangangatwirang Lohikal, nakakuha ito ng *t-cal* na 1.982 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at *may p-value* na 0.048 na mas mababa sa 0.05, na nagpapakita rin ng makabuluhang epekto. Sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.014 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.045 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay makabuluhan. Gayundin, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.112 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.035 na mas mababa sa 0.05, na nagpapahiwatig ng makabuluhang epekto.

Makikita sa talahanayan na ang bahaging Lusong-Kaalaman ng Sanayang Aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, ang nakuhang *t-value (t-cal)* na 1.979 ay mas mataas sa *critical t-value (t-crit)* na 1.972 at may *p-value* na 0.040 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay may interpretasyong makabuluhan. Gayundin, sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 2.110 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.036 na mas mababa sa 0.05, na nagpapakita rin ng makabuluhang resulta. Sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.000 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.046 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay makabuluhan. Samantala, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.016 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.045 na mas mababa sa 0.05, na nagpapahiwatig din ng makabuluhang epekto.

Samantala, ang bahaging Gaod-Kaisipan ay nagpakita ng makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.94 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at *p-value* na 0.017, na mas mababa sa 0.05 kaya't ito ay may interpretasyong makabuluhan. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na *1.971* ay bahagyang nasa hangganan ng t-*crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.050 na, bagama't nasa kritikal na antas, ay maituturing pa ring makabuluhan batay sa itinakdang antas ng kahalagahan. Sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.049 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.040 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto. Gayundin, sa Pagpapasya, ang t-*cal* na 2.189 ay mas mataas sa *t-cri*t na 1.972 at may *p-value* na 0.029 na nagpapahiwatig ng makabuluhan na resulta.

Para naman sa bahaging Layag-Diwa ng Sanayang Aklat na KISLAP, makikita ang makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.402 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at *p-value* na 0.017 na mas mababa sa 0.05, kaya't nagpapakita ito ng makabuluhang resulta. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 1.982 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.048 na mas mababa sa 0.05, kaya't ang resulta ay makabuluhan. Gayundin, sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.057 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.041 na nagpapahiwatig ng makabuluhang epekto. Samantala, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.196 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.029 na nagpapakita rin ng makabuluhang resuta.

Ibinabahagi rin sa talahanayan na ang bahaging Lambat-Likha ng Sanayang Aklat na KISLAP ay nagpapakita ng makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.084 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.038 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita ng makabuluhang resulta. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 2.045 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.042 na nagpapahiwatig ng makabuluhang epekto. Sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.097 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.037 na nagpapakita ng makabuluhang epekto. Samantala, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.114 ay mas mataas sa t-*crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.036 na nagpakita rin ng makabuluhang resulta.

Mula rin sa talahanayan, ipinapakita nito na ang bahaging Salok-Dunong ng Sanayang Aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 1.985 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.048 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto. Samantala, sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 2.027 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.044 na mas mababa sa 0.05, kaya't ang resulta ay makabuluhan. Para naman sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.008 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.046 na nagpapakita rin ng makabuluhang epekto. Gayundin, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.024 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.044 na nagpamalas din ng makabuluhang epekto.

Makikita rin na batay sa talahanayan, ang bahaging Daong-Kamalayan ng Sanayang Aklat na KISLAP ay nagpapakita ng makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.311 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.021 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 2.049 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.042 na mas mababa sa 0.05, kaya't ang resulta ay makabuluhang pekto. Samantala, sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.128 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

value na 0.035 na nagpapakita rin ng makabuluhang epekto. Gayundin, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.269 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may p-*value* na 0.024 na nagpakita ng makabuluhang epekto.

Inilahad din sa talahanayan na batay sa katangian ng Sanayang Aklat na KISLAP ayon sa Katumpakan ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.009 na mas mataas sa t-*crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.046 na mas mababa sa 0.05. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 2.138 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.034 na mas mababa sa 0.05. Sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.273 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.024. Gayundin, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.334 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p*-value na 0.021 na mas mababa sa 0.05 kung kaya't ang lahat ng ito ay may berbal na interpretasyong makabuluhan.

Para naman sa katangian nito ayon sa Kaangkupan, ipinapakita ng talahanayan na may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.151 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.033 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpakita ng "Makabuluhan" na resulta. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 1.933 ay mas mababa sa *t-crit* na 1.972 ngunit may *p-value* na 0.048 na mas mababa sa 0.05, kaya't ang resulta pa rin ay "Makabuluhan." Sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.197 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.029 na nagpapakita ng "Makabuluhang epekto". Samantala, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.344 ay mas mataas sa t-*crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.020 na nagpamalas ng makabuluhang resulta.

Makikita sa talahanayan na ang katangian ng Sanayang Aklat na KISLAP ayon sa Kalinawan ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral sa lahat ng aspekto. Sa Pagsusuri ng Impormasyon, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.391 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.018 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita ng resultaang makabuluhan. Sa Pangangatwirang Lohikal, ang *t-cal* na 2.092 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.037 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita rin ng makabuluhang epekto. Gayundin, sa Paglutas ng Suliranin, ang *t-cal* na 2.141 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.033 na nagpapakita ng makabuluhang resulta. Samantala, sa Pagpapasya, ang *t-cal* na 2.246 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.025 na nagpamalas din ng makabuluhang resulta.

Ipinapamalas din sa talahanayan na ang Sanayang Aklat na KISLAP batay sa katangian nito ayon sa Kaayusan ay may *t-value* na 2,149 sa Pagsusuri ng Impormasyon na may *p-value* na 0.033 na nagpamalas ng makabuluhang resulta. Sa Pangangatwirang Lohikal naitala ang *t-value* na 2.187 at *p-value* na 0.033 na nagpakita ng makabuluhang resulta. Gayundin sa Paglutas ng Suliranin nakakuha ito ng *t-value* na 2.384 at *p-value* na 0.018 na nagpakita rin ng makabuluhang epekto. Samantala, ang Pagpapasya ay may *t-value* na 2.357 at *p-value* na 0.019 na nagpamalas din ng makabuluhang resulta.

Batay sa pangkalahatang resulta ng pagsusuri, ipinapakita ng talahanayan na ang mga Bahagi at Katangian ng Sanayang Aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral na kinabibilangan ng Pagsusuri ng Impormasyon, Pangangatwirang Lohikal, Paglutas ng Suliranin, at Pagpapasya. Ang lahat ng *computed t-value (t-cal)* ay mas mataas sa *critical t-value (t-crit)* o *constant* na 1.972 gayundin ang *p-value* ay mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, na nagpapahiwatig na ang mga bahaging tulad ng Abot-Tanaw, Balik-Tanaw, Lusong-Kaalaman, Gaod-Kaisipan, Layag-Diwa, Lambat-Likha, Salok-Dunong, at Daong-Kamalayan ay may mahalagang papel sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-iisip. Ipinapakita rin na ang mga katangian ng sanayang aklat gaya ng Katumpakan, Kaangkupan, Kalinawan, at Kaayusan ay nakatutulong upang maging mas malinaw, organisado, at makabuluhan ang mga gawaing pangkatuto na nagtataguyod ng Kritikal na Pag-Iisip kung kaya't ang haypotesis sa pag-aaral ay hindi tinatanggap. Lumitaw batay sa pagsusuri na ang maayos na disenyo at nilalaman ng KISLAP bilang sanayang aklat ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng impormasyon, mag-isip nang lohikal, lutasin ang mga suliranin, at gumawa ng wastong pagpapasya. Dahil dito, maituturing na ang paggamit ng KISLAP ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo na nagtataguyod ng paglinang ng kasanayang kritikal, na mahalaga sa pag-unawa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa mas makabuluhang pagkatuto.

Pagsusuri ng Makabuluhang Epektong KISLAP bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral

Sa pananaliksik na ito, ang KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) sa aspektong mga bahagi ay tumutukoy sa mga sumusunod: Abot-Tanaw, Balik-Tanaw, Lusong-Kaalaman, Gaod-Kaisipan, Layag-Diwa, Lambat-Likha, Salok-Dunong at Daong-Kamalayan. Samantala, sa aspektong mga katangian, ito a tumutukoy sa Katumpakan, Kaangkupan, Kalinawan at Kaayusan.

Samantala, ang Lawak ng Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral ay tumutukoy sa mga sumusunod: Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, Pag-aanalisa ng Datos, Pagsusuri ng Sitwasyon, at Pagbuo ng Sintesis.

Ang makabuluhang epekto sa pagitan ng sanayang aklat na KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis at Pagpapasya) at Lawak ng Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral ay ipinapakita sa mga sumusunod na talahanayan, na nagpapakita ng *Multiple Regression Analysis* gamit ang t-*Test*, *p-value* at populasyon (*N).*

Ipinapakita sa Talahanayan 22 ang Makabuluhang Epekto ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral.

Makikita sa talahanayan na ang Abot-Tanaw ng Sanayang Aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.173 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.031 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay may interpretasyong "makabuluhan". Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.026 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.044 na nagpapakita rin ng makabuluhang epekto. Gayundin, sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

2.007 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may p-value na 0.044 na mas mababa sa 0.05, kaya't ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto. Samantala, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 1.991 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.048 na nagpamalas din ng makabuluhang resulta.

Talahanayan 22

Makabuluhang Epekto ng KISLAP (Kritikal na Isip, Suri, Lohika, Analisis, at Pagpapasya) bilang Sanayang Aklat sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral

Bahagi at Katangian ng KISLAP		***Kasanayang Analitikal ng mga Mag-aaral***			
		Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya	**Pag-aanalisa ng Datos**	**Pagsusu-ri ng Sitwa-syon**	***Pagbuo ng Sintesis***
Abot-Tanaw	t-value	2.173*	2.026*	2.007*	1.991*
	p-value	0.031	0.044	0.046	0.048
	N	200	200	200	200
Balik-Tanaw	t-value	2.197*	2.056*	2.014*	2.112*
	p-value	0.029	0.041	0.045	0.0359
	N	200	200	200	200
Lusong-Kalaaman	t-value	2.170*	2.150*	2.000*	2.061*
	p-value	0.031	0.032	0.047	0.045
	N	200	200	200	200
Gaod-Kaisipan	t-value	2.440*	2.089*	2.049*	2.189*
	p-value	0.016	0.038	0.041	0.030
	N	200	200	200	200
Layag-Diwa	t-value	2.1452*	2.042*	2.096*	2.114*
	p-value	0.033	0. 042	0.037	0.036
	N	200	200	200	200
Lambat-Likha	t-value	2.1452*	2.047*	2.097*	2.113*
	p-value	0.033	0.042	0.037	0.036
	N	200	200	200	200
Salok-Dunong	t-value	2.174*	2.027*	2.008*	2.024*
	p-value	0.031	0.044	0.046	0.044
	N	200	200	200	200
Daong-Kamalayan	t-value	2.521*	2.168*	2.128*	2.269*
	p-value	0.012	0.031	0.035	0.024
	N	200	200	200	200
Katumpakan	t-value	2.133*	2.252*	2.272*	2.334*
	p-value	0.034	0.0025	0.0241	0.0205
	N	200	200	200	200
Kaangkupan	t-value	2.331*	2.102*	2.197*	2.344*
	p-value	0.020	0.036	0.029	0.020
	N	200	200	200	200
Kalinawan	t-value	1.998*	2.162*	2.140*	2.245*
	p-value	0.047	0.031	0.0355	0.025
	N	200	200	200	200
Kaayusan	t-value	2.186*	2.217*	2.383*	2.357*
	p-value	0.029	0.027	0.018	0.019
	N	200	200	200	200

Constant=1.972

Makikita sa talahanayan na ang Lusong-Kaalaman ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Kritikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.170 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.031 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.150 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.032 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.000 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.047 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.061 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.045 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang resulta.

Gayundin, ang Gaod-Kaisipan ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.440 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.016 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.089 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.038 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.049 ay mas mataas sa t-*crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.041 na mas mababa sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

0.05. Samantala, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.189 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.030 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang resulta. Samantala, ang Layag-Diwa ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.145 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.033 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.042 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.042 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.096 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.037 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.114 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may p-value na 0.036 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang resulta. Dagdag pa rito, ang Lambat-Likha ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.145 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.033 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.047 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.042 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.097 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.037 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.113 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.036 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang resulta. Makikita sa talahanayan na ang Salok-Dunong ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.174 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.031 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.027 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.044 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.008 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.046 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.024 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may p-value na 0.044 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang resulta.

Samantala, ang Daong-Kamalayan ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensiyon. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.521 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.012 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.168 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.031 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.128 ay mas mataas sa t-*crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.035 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.269 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.024 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang epekto sa kasanayang kritikal ng mga mag-aaral.

Makikita rin sa talahanayan na ang Sanayang Aklat na KISLAP batay sa katangian nito na Katumpakan ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.133 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.034 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.252 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.025 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.272 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.0241 na mas mababa sa 0.05. Samantala, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.334 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.0205 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto.

Samantala, batay naman sa katangian nito ayon sa Kaangkupan ay nakapagtala ito ng makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.331 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.020 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.102 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.036 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.197 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.029 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.344 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.020 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto sa kasanayang analitikal.

Mula sa talahanayan, mapapansin din na ang Kalinawan ay may makabuluhang epekto sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 1.998 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.047 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.162 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.031 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.140 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.0355 na mas mababa sa 0.05. Samantala, sa Pagbuo ng Sintesis, ang t-*cal* na 2.245 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may p-value na 0.025 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto sa kasanayang analitikal.

Samantala, batay naman sa katangian nito ayon sa Kaayusan ay nagkamit ito ng makabuluhang epekto sa kasanayang analitikal ng mga mag-aaral. Sa Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, nakakuha ito ng *t-value (t-cal)* na 2.186 na mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.029 na mas mababa sa 0.05. Sa Pag-aanalisa ng Datos, ang *t-cal* na 2.217 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.027 na mas mababa sa 0.05. Sa Pagsusuri ng Sitwasyon, ang *t-cal* na 2.383 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may *p-value* na 0.018 na mas mababa sa 0.05. Gayundin, sa Pagbuo ng Sintesis, ang *t-cal* na 2.357 ay mas mataas sa *t-crit* na 1.972 at may p-value na 0.019 na mas mababa sa 0.05. Ang lahat ng ito ay nagpapakita ng makabuluhang epekto sa kasanayang analitikal.

Batay sa pangkalahatang resulta ng pagsusuri, ipinapakita ng talahanayan na ang mga Bahagi at Katangian ng Sanayang Aklat na KISLAP ay may makabuluhang epekto sa kasanayang analitikal ng mga mag-aaral, na kinabibilangan ng Pagtukoy ng Ugnayan ng mga Ideya, Pag-aanalisa ng Datos, Pagsusuri ng Sitwasyon, at Pagbuo Ng Sintesis. Ipinakita ng mga resulta na ang mga bahaging tulad ng Abot-Tanaw, Balik-Tanaw, Lusong-Kaalaman, Gaod-Kaisipan, Layag-Diwa, Lambat-Likha, Salok-Dunong, at Daong-Kamalayan ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na suriin at pag-ugnayin ang mga ideya, mag-analisa ng datos, at makabuo ng lohikal na pagpapakahulugan sa mga sitwasyon at impormasyon. Gayundin, ang mga katangian ng sanayang aklat gaya ng Katumpakan, Kaangkupan, Kalinawan, at Kaayusan ay nagpakita rin ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

makabuluhang ugnayan sa mga dimensiyon ng kasanayang analitikal. Ipinahihiwatig nito na ang malinaw, wasto, angkop, at maayos na organisasyon ng nilalaman ng sanayang aklat ay nakatutulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konsepto at mapalawak ang kanilang kakayahan sa masusing pagsusuri ng impormasyon, kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinatanggap.

Ipinakikita ng mga resulta na ang Sanayang Aklat na KISLAP ay nagsisilbing isang mahalagang kagamitang panturo na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang analitikal ng mga mag-aaral, lalo na sa kanilang kakayahang mag-ugnay ng mga ideya, magsuri ng datos at sitwasyon, at makabuo ng sintesis mula sa iba't ibang impormasyon. Dahil dito, maaaring sabihin na ang paggamit ng KISLAP sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

1. May makabuluhang epekto ang mga Bahagi at Katangian ng Sanayang Aklat na KISLAP sa Kasanayang Kritikal ng mga Mag-aaral kung kaya't ang unang haypotesis ng pag-aaral ay hindi tinatanggap. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na na ang paggamit ng KISLAP bilang sanayang aklat ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng impormasyon, mag-isip nang lohikal, lutasin ang mga suliranin, at gumawa ng wastong pagpapasya na mahalagang salik ng pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip. Ang mga gawaing nakapaloob sa binuong sanayang aklat ay naging mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayang magsuri at makapaglahad nang komprehensibo ng mga mag-aaral.

2. Lumabas batay sa resulta ng pagsusuri na may makabuluhang epekto ang mga Bahagi at Katangian ng Sanayang Aklat na KISLAP sa Kasanayang Analitikal ng mga mag-aaral kung kaya't ang ikalawang haypotesis ay hindi rin tinatanggap. Pinatutunayan nito na KISLAP ay nagsisilbing isang mahalagang kagamitang panturo na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang analitikal ng mga mag-aaral, lalo na sa kanilang kakayahang mag-ugnay ng mga ideya, magsuri ng datos at sitwasyon, at makabuo ng sintesis mula sa iba't ibang impormasyon. Sa pamamagitan ng mga gawain na nakatuon sa pagsusuri, paghahambing, at paglalapat, nagiging mas aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto at nahuhubog ang kanilang kakayahang magbigay ng lohikal at makatuwirang interpretasyon. Higit pa rito, naipakikita rin na ang paggamit ng KISLAP ay nagiging daan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng matibay na argumento at pagdedesisyon batay sa ebidensya. Sa kabuuan, ang positibong epekto nito ay nagpapatunay na ang nasabing sanayang aklat ay epektibong interbensyon sa pagpapataas ng antas ng kasanayang analitikal ng mga mag-aaral.

Rekomendasyon

Batay sa mga kasagutan at konklusyon, ang mgasumusunod ang ibinigay na rekomendasyon:

1. Inirerekomenda sa mga guro sa Filipino na gamitin ang sanayang aklat sa pagtalakay at pagtuturo ng iba't ibang uri ng teksto, maging batayan sa pagbibigay ng mga gawain na huhubog sa komprehensyon, pag-unawa sa konsepto, at kasanayan sa pagsusuri ng mga mag-aaral na magpapaunlad ng kanilang kasanayang kritikal at analitikal.

2. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na susunod na gagamit ng sanayang aklat na seryosohin at maging tapat sa pagsasagot ng mga gawaing nakapaloob sa sanayang aklat upang magkaroon nang mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa mga aralin at mahubog ang kasanayang kritikal at analitikal.

3. Iminumungkahi para sa mga ulongguro at dalubguro na magkaroon ng School Learning Action Cell (SLAC), mga pagsasanay at palihan na magtuturo sa mga guro sa pagbuo at paggamit sa aktuwal na pagtuturo ng mga kagamitan o materyal na naglalaman ng mga pagsasanay na magpapaunlad sa mas mataas na antas ng kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral.

4. Inirerekomenda sa mga punongguro na maglakip mga programa at pondo sa School Improvement Plan na nakatuon sa pagsusulong sa kasanayan ng mga guro sa pagdidisenyo at paglikha ng mga kagamitang panturo. Iminumungkahi rin na magpasa ng mga aktwal na datos at resulta na makatutulong sa mga programang may kaugnayan sa pagbibigay ng mga pagsasanay sa mga guro.

5. Iminumungkahi sa Schools Division Office of Laguna na paigtingin ang suporta sa Learning Resource Management and Development System partikular sa programa nitong Enhanced Localized Learning Resources For Instructional Pathways (E-LIRIP) na naglalayong humikayat sa mga guro na lumikha ng mga kagamitan o materyal na angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

6. Inirerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na gumamit ng control group at experimental group sa iba't ibang rehiyon ng Kagawaran ng Edukasyon at magsagawa ng longitudinal na pag-aaral upang masuri ang paghahambing na bisa ng KISLAP sa paglinang ng kasanayang kritikal at analitikal ng mga mag-aaral lampas sa isang markahan.

SANGGUNIAN

1. *Cabading, R. (2017). Paggamit ng Sanayang Aklat sa Pagsulat sa Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang ng Mababang Paaralan ng Legleg. Hinalaw mula sa: https://e-saliksik.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/06/I_2017*
2. *Constantino, R. at Zafra, G. (2017). Filipino sa Piling Larang. Hinalaw mula sa: https://www.scribd.com/document/543158639/Filipino-sa-Piling-Larang-week-1-6-modules*
3. *Villafuerte, P. (2022). Kagamitang Panturo sa Filipino. Hinalaw mula sa: https://liwayway.ph/2022/11/28/kagamitang-panturo-sa-filipino/*